



# **Ang Pandaigdigang Pamantayan Para Sa Pangangalakal Ng Buhay Na Isdang Bahura Para Gawing Pagkain**



Unang Labas-Hulyo 2004

Isinalin sa Pilipino ni:

Fredelito B. Palmes  
Consultant ng WWF-Philippines,

Ika- 29 ng Mayo, 2008  
Lungsod ng Quezon, Pilipinas

|                                                                                                             |     |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----|
| Mga Nilalaman                                                                                               | ii  |
| Paunang Salita                                                                                              | iii |
| Mga Larawan:                                                                                                |     |
| Ang saklaw ng pandaigdigang pamantayang ito sa pangangalakal ng buhay na isdang bahura para gawing pagkain  | iv  |
| 1. Panimula                                                                                                 | 1   |
| 1.1 Dahilan                                                                                                 | 1   |
| 1.2 Mga Layunin                                                                                             | 1   |
| 2. Mga kailangan sa paghuli sa ilang ng buhay na isdang bahura para gawing Pagkain                          | 2   |
| 2.1 Pagpapaunlad ng bagong pangisdaan                                                                       | 2   |
| 2.2 Pangangasiwa ng bago at matatag na pangisdaan                                                           | 2   |
| 2.3 Mga pangangailangan para mapatakbo ang bago at matatag na pangisdaan                                    | 3   |
| 3. Mga kailangan sa akwa-kultura o paglilinang ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain            | 4   |
| 3.1. Mga kailangan sa pangangasiwa                                                                          | 4   |
| 3.2. Mga kailangan sa pagpapatakbo                                                                          | 4   |
| 4. Mga kailangan para sa Pangangalakal at pakikinabang sa mga buhay na na isdang bahura para gawing pagkain | 6   |
| 4.1. Pangangalakal ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain                                        | 6   |
| 4.2 ang pagkunsumo sa mga buhay na isdang bahura para gawing Pagkain                                        | 7   |
| 5. Mga kahulugan ng mga kataga                                                                              | 8   |
| 6. Talaaklatan                                                                                              | 12  |

## Paunang Salita

Ang mga bahura ang ilan sa mga pinaka produktibo at maraming pakinabang na ekosistema sa daigdig. Sinusuportahan nito ang pag-iral ng libu-libong uri ng isda, mga hayop, mga lamang dagat, mga halamang dagat, mga plankton at iba pang mga organismong nabubuhay sa bahura at karagatan. Ang mga gasangan o bahura ay nagtataglay ng malaking pangkomersyal, panglibang, pangkalinangan at pangkagandahang kahalagahan. Ang mga ito ay nagbibigay ng proteksyon sa mga dalampasigan; at ito rin ay magagandang lugar na pinagkukunan ng pagkain, hanapbuhay at mga gamot. Sila ang tampok sa malawakang gawaing pang edukasyon, pang pagsasakiksik, pang paglilibang, pangturismo at pangpangisdaan.

Sa kabilang dako, karamihan sa mga eko-sistemang bahura sa buong mundo ay nanganganib na at pinabababa ang kalidad dahil sa mga ginagawa ng mga tao kabilang na ang mga panlupang polusyon, labis na pangingsda, nakasisirang pagkuha at kinasanayang maling pangingsda, pagmimina ng bahura, pagpapaunlad ng mga lugar baybayin, pagpapasadsad ng mga sasakyang dagat, pagbabanlik (siltation) at gayundin dahil sa pabago-bagong panahon.

Ang pangingsda ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF)** ay nagbibigay ng kabuhatan sa maraming mangingsda sa mga komunidad sa mga baybayin sa buong mundo. Sa mga lugar na kakaunti ang mga alternatibong pagkakakitaan, ang pangangalakal ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkaing** ay kumakatawan sa mahalagang pinagkukunan ng kita ng mga bansang nagluluwas (exporting countries) nito.

Ang pangingsda ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkain** ay nakahihikayat dahil sa mas mataas na kita dito sapagkat kahit maliit lamang ang bilang ng huli ay mas mataas naman ang presyo ng mga isda na tuwirang makadaragdag sa pagpapaunlad ng pambahurang pangisdaan sa isang rehiyon lalo na kung ito ay responsableng naipatutupad.

Subali't, ang ganitong uri ng pangingsda ay may kaugnayan sa mga mapanirang nakagawiang pangingsda at sa sobrang pangingsda na nakasisira hindi lamang ng kapaligirang pandagat kundi maging sa mga ekonomiya at sa mga hibla ng lipunan ng mga mangingsda at mga komunidad na ang ikinabubuhay ay nakasalalay sa mga rekursong gasangan o bahura.

Sa ganitong pangingsda ay kailangan ang isang responsableng pangangasiwa upang masiguro ang likas-kayang paggamit ng mga rekursong pandagat at ang pangangalaga ng mga bahura para sa kapakanan ng mga susunod pang salinlahi.

Mahalaga ang magkaroon ng mga alternatibo liban sa nakagawiang pag-ani sa ilang ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkain** (katulad ng paglinang sa mga buhatan ng isda na gagamitan ng sariling paitlugaan). Bagaman at nakikitang malaking bagay ang inisyatibang ito upang maiwasan ang kinaugaliang panghuhuli sa ilang tungo sa **paglilinang ng isda** o akwa-kultura na layong maibsan ang sobrang pag-ani ng ibat-ibang uri ng isda, lalo na ng mga palagi nang hinuhuli o ng mga uring nanganganib nang maubos, bilang kadluan ng mga produktong pangkalakal ay nananatili pa ring kinakaharap ang mga usapin sa pagiging likas-kaya.

Ang mga kalahok sa pangangalakal ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkain**, maging ito ay huli mula sa ilang o pinalaki na mula sa mga paglilinang ng isda o akwa-kultura, at upang masigurong likas-kaya ang pakikinabang sa nasabing mga rekurso ay nagnanais ng pagtiyak na ang ginagawang pangangalakal ay responsible.

Ang **boluntaryong (LRFF) pamantayan para sa pangangalakal ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain** ay ginagawa sa pamamagitan ng pandaigdigang proseso ng pagsangguni at sumasakop sa panghuhuli sa ilang; **paglilinang ng isda** o akwa-kultura; pagdadala, pamamahagi at pangangalakal ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkain**.

Ito ay naglalayon na maging isang pamantayan na kung saan ang mga responsableng kasapi ng kalakalang LRFF ay kakatig upang ang kalakalang ito ay magpatuloy pa sa mga susunod na mga salinlahi. (Tingnan ang larawang blg. 1.)

## 1. Panimula

### 1.1. Dahilan

Ang pandaigdigang pamantayan para sa pangangalakal ng mga **buhay na isdang bahura para gawing pagkain [Live Reef Food Fish (LRFF)]** ay naglalayong i-angat ang likas-kayang pangingisda, alalaon bagay, yaong pag-ani ng mga tinutumbok na uri na ginagawa sa pamamaraan, at sa antas na

- 1) hindi inilalagay sa alanganin ang kalusugan ng mga isdang ito, at ang ekosistemang inaasahan ng mga ito o,
- 2) hindi nito pinipigil ang pagpapanumbalik ng kalidad ng mga isda o ng mismong ekosistema sakali man at ang mga ito ay dumanas ng pagbaba mula sa nararapat na kalagayan o antas.

### 1.2. Mga Layunin

#### 1.2.1. Likas-kayang pangingisda

Ang mga rekisitos sa mga pamantayang ito ay batay sa mga sumusunod:

- a) Ang pagpapanatili at o dili kaya'y muling pagkakaroon ng malusog na bilang ng tinutumbok na mga uri ng mga isda;
- b) Ang pagpapanatili at o dili kaya'y muling pagkakaroon ng eko-sistemang pangkaragatan na buo; at
- c) Ang pagkakaroon at pagpapanatili ng epektibong sistemang pang pangangasiwaan ng pangisdaan para sa tinutumbok na mga uri ng isda at sa kanilang mga eko-sistema.

#### 1.2.2. Pagsunod sa umiiral na maykapangyarihan

Ang mga rekisitos (kinakailangan) sa pamantayang ito ay kumikilala sa kahalagahan ng pangangasiwa at pagpapatakbo ng pangisdaan na umaayon sa mga mahalagang batas at batayan na pang lokal , pambansa at maging sa mga pandaigdigang pag-unawa at mga kasunduan na sa dokumentong ito ay pareho ding kinikilala at ipinatutupad.

#### 1.2.3. Mga karapatan ng mga Mangingingisda at iba pang kaambag

Ang mga rekisitos (kinakailangan) sa pamantayang ito ay kumikilala sa pangangailangan na kilalanin at irespeto ang pang matagalang interes ng mga taong umaasa sa pangingisda para sa kanilang pagkain at hanap-buhay na hanggat maari ay naayon sa pagpapanatili ng likas-kayang kapaligiran.

Ang mga rekisitos na ito ay kumikilala rin na ang likas-kayang pangingisda ay nagpapanatili ng kakayahan nitong makamit ang mga pangangailangan at mga mithiin ng kasalukuyan at susunod pang henerasyon ng mga mangingingisda at ganun din ng mga iba pang nagmamalasakit sa kalusugan ng ekolohiya at pagiging likas kaya ng mga uri ng isda at ng mga ekosistemang pambahura na kanilang pinanggagalingan.

#### 1.2.4. Pakikibahagi ng mga kaambag

Ang mga rekisitos (kinakailangan) sa pamantayang ito ay kumikilala at nagbibigay diin na ang mga pagsisikap na pangpangasiwaan ay mas magtatagumpay sa pagkakamit ng tunguhing pag-iingat at likas-kayang paggamit ng mga rekursong pandagat kung mayroong ganap na kooperasyon ang lahat na **kaambag** kasama na ang mga umaasa sa pangingisda para sa

kanilang pagkain at ikabubuhay at mga iba pang gumagamit din ng ekosistemang pangkaragatan.

#### 1.2.5. Mga usaping sosyo-ekonomiko, pangkasarian at pangkahirapan

Ang mga rekisitos (kinakailangan) sa pamantayang ito ay kumikilala na kailangang suportahan ang mga komunidad sa kanayunan, isangkot ang mga kababaihan at mga naisasantabing grupo at mag-ambag sa pagpapagaan ng kanilang dinaranas na kahirapan.

### 2. Mga rekisitos para sa paghuli ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain

#### 2.1. Paggawa ng mga bagong palaisdaan/pangisdaan

##### 2.1.1. Pangisdaang pinahihintulutan ng Estado

Ang lahat ng panibagong/ palaisdaan/pangisdaan na itatayo ay dapat na naayon sa mga angkop na batas kabilang ang anumang mga probisyon na may kinalaman sa pagpapahintulot sa isang tukoy na pangingsda at iba pang gawaing pinahihintulutan ng mga maykapangyarihan sa antas pambansa, pangrehiyon o panglokal.

##### 2.1.2. Ang pangisdaang maaaring umunlad

Ang lahat ng panibagong pangisdaan ay kailangang magsagawa ng pagtatasa kung ito ay maaring umunlad upang magkaroon ng batayang impormasyon at masiguro na ang lahat na aspetong pambuhay, panlipunan, pangkalinangan, at pang ekonomiya ay naisaalang-alang. Ang pagtatasa ay kailangang gumamit din ng paraang kumikilala **sa panganib ng kawalang katiyakan** “*risk adverse approach*” at hindi umaasa lamang sa isang uri o paraan ng pagtatasa.

##### 2.1.3. Panahon para sa pagtesting/subok at pagbalik-tanaw

Ang lahat ng mga bagong pangisdaan ay kailangang subukin ayon sa itinakdang panahon bago ito ipailalim sa isang pagbabalik-tanaw ng mga **kaambag** o grupong may interes dito. Ang balik tanaw na ito ay dapat ibatay sa pinakamahusay na mga makukuhang impormasyon at dapat idetalye ang pagsuporta sa anumang pasiyang ginawa upang ituloy o ihinto ang pangingsda.

#### 2.2. Mga rekisitos sa pangangasiwa ng mga bago at matatag na pangisdaan

##### 2.2.1. Balangkas ng pangangasiwang pangpangisdaan

Ang lahat ng pangisdaan ay kailangang ipaloob sa balangkas pangpangasiwang pangpangisdaan na isinasa alang-alang ang pinakamagaling na makukuhang impormasyon at isinasa alang-alang ang tindi ng dating at ang mga pangangailangan ng lahat na mga gumagamit sa rekurso. Ang balangkas pang pangangasiwa ay magtatatag ng mga mekanismo upang makamit ang pagiging likas-kaya at pag-iingat ng mga rekurso.

##### 2.2.2. Planong pangpangasiwaan

Ang lahat ng pangingsda ay kailangang isagawa batay sa isang plano ng pangangasiwa na may mekanismong mapag-angkop (flexible) sa pamamahala na tumutugon din sa hinihingi ng pamantayang ito hinggil sa buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF).

##### 2.2.3 Pagsunod sa mga pambansa at pandaigdigang batas

Ang lahat ng pangisngisda ay kailangang sumunod sa mga angkop na batas mula sa mga kinauukalung pambansa, pangrehiyon o panglokal na otoridad.

#### **2.2.4. Batayan sa Pamamalakad**

Ang lahat ng pangisngisda ay kailangang may pahintulot at pinatatakbo ayon sa mga pinakamagaling na makukuhang impormasyon at paggamit ng mga **pamamaraang maingat**.

#### **2.2.5. Palagiang pagtatasa ng rekurso**

Ang palagiang pagtatasa sa kalagayan ng buhay ng mga rekurso at gayun din ng kabuuang ekosistema ay kailangang patuloy na isinasagawa.

#### **2.2.6. Mga puntong panulak**

Ang lahat ng pangisngisda ay kailangang may pormal na pamamaraan na kung saan nakadetalye ang mga pagkilos na gagawin kapag mayroong inaasahang pangyayari na maaring dumating. Ang pamamaraang ito ay magtutukoy ng sakop at tinutumbok na mga batayang puntos, at mga angkop na tugon na dapat ipatupad sakaling ang mga batayang ito ay malabag.

#### **2.2.7. Kontrol sa pagpasok**

Ang pagpasok (access) sa pangisdaan para mag-ani ng mga isdang buhay ay may mga sinusunod na pamatayan (restricted).

#### **2.2.8. Pagsubaybay, pagkontrol, pagtugaygay at pagpapatupad ng batas**

Ang lahat ng uri ng pangisngisda ay kailangang isailalim sa epektibong pagsubaybay, pagkontrol at pagtugaygay.

#### **2.2.9. Mga usaping pangsosyo-ekonomiko, pangkasarian at pangkahirapan**

Ang mga prinsipyong pang pamamahala ay gagamitin para sa pangisda na sumusuporta sa mga komunidad sa kanayunan, na nagsasangkot sa kababaihan at mga isinasantabing grupo sa lipunan at sa pag ambag sa pagpapagaan sa dinaranas nilang kahirapan.

### **2.3. Mga rekisitos sa pagpapatakbo ng makabago at matatag na pangisdaan**

#### **2.3.1. Mapanirang pangisda**

Ang mapanirang uri ng pangisda ay hindi dapat gamitin.

#### **2.3.2. Tinutumbok na uri**

Ang operasyon ng pangisda:

- a) Ay hindi dapat maglayong hulihin ang mga isdang kumpulang nangingitlog o ang mga lugar na tukoy bilang kanilang pangitlugan.
- b) Ay hindi maglayong manghuli o mag-ingat ng mga bata at maliliit pang isda
- c) Ay hindi kukuha ng mga uri ng isdang pinangangambahang maubos o nanganganib nang maubos.
- d) Ay iiwasan ang pagkahuli ng iba pang uri ng isda na hindi sinasadyang hulihin.

#### **2.3.3. Kaligtasan sa pagkain**

Ang operasyon ng pangingisda ay gagawa ng hakbang upang paliitin ang panganib na magdala ng isdang kontaminado (ciguatoxic) sa pag-iwas sa:

- a) Tukoy na mga kontaminadong lugar, at
- b) mga uri ng isda na sa pana panahon ng mataas na antas ng kontaminasyon ay kilala na madaling malalinan.

#### **2.3.4. Paglilipat**

Ang paglilipat ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF) ay isasagawa sa isang nakalaang sentro maliban kung may matukoy na dahilan ang isang ahente ng estado upang itoy gawain sa ibang lugar batay sa mga mahalagang regulasyon.

### **3. Mga rekisitos sa paglilalang ng mga buhay na isdang pambahura para gawing pagkain.**

#### **3.1. Rekisitos sa pangangasiwa**

##### **3.1.1. Paggamit ng mga punlay at semilyang hango sa mga papisaan**

- a) Mas isaalang-alang ang paggamit ng mga semilyang nagmula sa mga papisaan para sa linangan ng buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF)
- b) Ang mga mayroong papisaan at alagaan ay dapat gumamit at ipamansag ang paggamit ng nararapat na pamamaraan para sa pagpili ng semilyahan at produksiyon ng itlog, malakiti-kiti semilya at punlay na magdadala sa pagkakaroon ng mga malusog na punlay at mga semilya.

##### **3.1.2. Hangganan sa pag-ani mula sa ilang ng mga punlay, semilya at mga batang isda**

- a) Ang pag-ani mula sa ilang ng mga punlay at mga semilya ay mangyayari lamang kung maipapakita na hindi ito makasisira o magdadala ng negatibong resulta sa pagiging likas kaya ng mga isdang nakaligaw sa ilang.
- b) Ang akwa-linangan ng isda na gumagamit ng mga huli sa ilang na punlay, semilya at mga batang isda ay nangangailangang mayroong programa upang kaipala ay mawala ang paggamit nito sa akwa-linangang LRFF.

##### **3.1.3. Pagsunod sa mga pambansa at pandaigdigang batas**

Ang lahat na kasama na sangkot sa akwa-linangang LRFF ay dapat sumunod sa mga angkop na pandaigdigan, pambansa, pangrehiyon at panglokal na mga batas na pinaiiral ng mga kinauukulan.

#### **3.2. Mga Rekisitos sa pagpapatakbo ng pangisdaan**

##### **3.2.1. Pangangalaga ng mga punlay at semilyang buhat sa ilang**

Magkakaroon ng mga sukatan upang lumiit ang bilang ng mga namamatay na semilyang hinango sa ligaw.

##### **3.2.2. Pangangasiwang pangkalusugan ng mga isda (kasama ang paglilipat sa mga estaks ng mga isda)**

Ang mga akwa-kultura/linangan ng isda ay dapat magkaroon ng epektibong pamatayang pangangsiwa ng linang at ng kalusugan ng mga isda na upang makaiwas sa pagkalat ng mga nagdudulot ng sakit sa mga isda.

### **3.2.3. Ang suplay ng pagkain at pangangasiwa sa akwa-kultura**

Ang mga protina na ginagamit na pakain sa isda ay dapat magbuhat sa mga likas-kayang rekurso.

### **3.2.4. Ang lugar-buhayan at ugnayan sa panahanang isda**

Ang mga akwa-linangang ng isda ay dapat itayo upang:

- a) Panatilihin ang pinaka maayos na kalusugan ang mga isda
- b) Paliitin ang pagkasira sa tirahang-isda at
- c) Paliitin ang panghihimasok ng iba pang gumagamit ng rekurso

### **3.2.5. Mapaminsalang pagsibol ng mga algae**

Ang mga akwa-linangang ng isda ay dapat may plano sa pagsibol sa lugar ng nakapipinsalang algae.

### **3.2.6. Paggamit ng kemikal at mga gamot sa paglilinang ng mga buhay na isdang bahura**

- a) Kung maglalagay ng delikadong kemikal at gamut ay dapat ayon sa kinikilalang mahusay na mga pamamaraan.
- b) Ang mga therapeutants, hormones, mga droga, antibiotics, at iba pang kemikal na pangkontrol sa mga sakit ay ilalagay sa pamamaraang siguradong ligtas, epektibo, at minimal na paggamit lamang.

### **3.2.7. Pagkontrol ng basura at pangangasiwa ng mga dumi**

Ang mga akwa-linangan ng isda ay dapat isagawa sa pamamaraang kakaunti ang masamang ibubunga ng basura nito sa kapaligiran.

### **3.2.8. Kalidad at kaligtasan ng pagkain**

Ang mga akwa-linangan ng isda ay dapat isiguro ang kaligtasan sa pagkain at kalidad ng mga produkto nito sa pamamagitan ng pag-enganyo na panatilihin ang kalidad ng produkto ayon sa mga angkop na pambansa at pandaigdigang pamantayan. Ang pamtayan ay dapat gamitin bago mag-ani, habang nag-aani, habang nagpoproseso sa lugar, habang iniingatan o itinatago at maging hanggan sa pagbibiyaheng ng mga nasabing produkto.

### **3.2.9. Mga usaping pangsosyo-ekonomiko, pangkasarian at pangkahirapan**

Dapat isagawa ang mga responsableng gawaing pang akwa-kultura o linangan ng isda na sumusuporta sa mga komunidad sa kanayunan, nagsasangkot sa kababaihan, at mga grupong naisasantabi at nakaka ambag sa pagpapagaan sa labis na kahirapan.

## **4. Mga rekisitos sa pangangalakal at pagkunsumo ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain**

### **4.1. Pangangalakal ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain**

#### **4.1.1. Mga uri ng isdang ikinakalakal**

Ang mga kompanyang nagluluwas at nag-aangkat ng mga isda at mga produktong dagat ay dapat tumanggap lamang ng mga isdang dinadala ayon sa mga pamantayang sinasaad dito.

### **4.2. Ang paghawak at pamamahagi ng mga *buhay na isdang bahura para gawing pagkain***

#### **4.2.1. Panahon ng pag-iingat**

Ang panahon ng pag-iingat o pag-imbak ng mga isdang tama ang sukat pangkalakal, hangga't maari'y dapat paikliin o ilagay sa minimum.

#### **4.2.2. Pasilidad na pinaglalagakan**

Ang mga pasilidad na pinaglalagakan ng isda ay dapat i-desenyo, patakbuin, at panatilihin sa pamamaraang naiingatan ang isdang buhay na pangalakal sa pinakamaayos na kalagayan at maiwasan ang pagkasira, pagkalugi, at ang pagkalat ng mga elementong nakapagkakasakit.

#### **4.2.3. Paggamit ng mga kemikal at gamot sa paglalagak**

Ang mga pangasiwaan na sangkot sa pag-iingat at pamamahagi ng buhay na isdang bahura na pampagkain at kailangang siguruhin na:

- a) Ang paggamit nila ng nakapipinsalang mga kemikal at droga ay kailangang sumasang-ayon sa pinakamahasag na mga pagsasagawa; at
- b) Gumagamit sila ng ligtas, epektibo at bahagyang paglalagay ng therapeutants, mgahormones, at droga, mga antibiotics at iba pang kemikal na pangkontrol ng sakit.

#### **4.2.4. Mga teknik sa paghawak**

Ang mga kasali sa kalakalang LRFF ay dapat gumamit ng mahusay na pamamaraan ng paghawak at pag-iingat upang mapanatili sa pinakamahasag na kalagayan ang mga pampagkain na buhay na isdang bahura.

#### **4.2.5. Mga teknolohiya sa paghawak at pamamahagi ng mga *buhay na isdang bahura para gawing pagkain***

Ang mga bansa at mga industriya mula sa mga bansang pinagkukunan at pinanggagalingan ay dapat panindigan ang pagtatatag at pagkuha ng mga teknolohiya na magsisiguro na nasa pinakamabuting kondisyong ang mga *buhay na isdang bahura para gawing pagkain* habang nakalagak at habang ipinamamahagi ang mga ito.

#### **4.2.6. Pagpapahayag ng kalusugan ng isda**

Ang lahat ng nagluluwas ng LRFF ay kailangang:

- a) Magbigay sa mga taga-angkat ng LRFF ng akreditadong sertipikasyong pangkalusugan sa bawat pag-angkat ng isda at
- b) Sumunod sa programang pangtukoy sa cyanide sa isda na pinatatakbo sa mga bansang nagsusplay ng LRFF.

#### **4.2.7. Kakayahang matukoy ang pinagkunan at bansang pinanggagalingan**

Ang nagluluwas at umaangkat na mga kompanya ay dapat isiguro na ang pag-angkat ng LRFF ay:

- a) Maaring matukoy kung huli ito sa ligaw o nilinang; at
- b) Maaring matunton ang pinanggalingan nitong bansa.

#### **4.3. Ang pagkunsumo ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain**

##### **4.3.1. Ang pagsunod sa pamantayang ito ng LRFF**

Ang mga kalahok sa kalakalang LRFF ay dapat manindigan para sa responsableng pagkunsumo ng mga pagkaing dagat sa pamamagitan ng pag-enganyo sa mga mamimili na bumili at magkunsumo lamang ng mga isdang nabili ayon sa mga hinihingi ng mga pamantayang ito.

### **5. Mga depinisyon o bakod-kahulugan**

#### **5.1. Pinagkunan**

Hangga't maari ang mga pamantayan ng buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF) ay gumamit ng mga katagang (terminolohiya) laganap sa pandaigdigan at pang industriyang pagtanggap o paggamit. Hanggat maaari ang mga pakahulugan sa ibaba nito ay halaw sa mga sumusunod na mga pinagkunan:

- Convention on Biological Diversity (CBD)
- Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora (CITES)
- UN Environment Program's Global Biodiversity Assessment [GBA]
- UN Food and Agriculture Organization [FAO]

#### **5.2. Mga Termino**

Ang mga pakahulugan dito ay laan para magbigay ng malawakang paglalarawan sa mga terminong tinutukoy.

##### **5.2.1. Akwa-kultura/ linangang pantubig:**

Ang paglilintang ng mga organismong pandagat kabilang na ang mga isda, kabebe, alimango, at mga halamang dagat. Ang paglilintang ay nangangahulugan ng isang uri ng pakikialam sa proseso ng pagpapalaki upang paunlarin ang produksiyon, tulad ng regular na pagpaparami, pagpapakain, pangangalaga laban sa mga maninila, at iba pa. Ang paglilintang ay nangangahulugan din ng pansarili o pang korporasyong pag-aari ng mga organismong inaalagaan sa mga buhayan o palakihan. Sa kadahilanang estadistiko, ang mga organismong pantubig na inaani ng isang indibidwal o isang korporasyon na nagmamay-ari sa kanila sa buong yugto ng pag-aalaga ay nag-aambag sa tala ng akwa-kultura o paglilintang pantubig samantalang ang organismong pantubig na maaring kunin ng publiko bilang rekursong pag-aari ng balana, mayroon man o walang angkop na lisensiya/pahintulot, ay kinikilalang ani ng pangisdaan.

##### **5.2.2. Batayang Impormasyon:**

Mga pangunahing impormasyon na natipon bago simulan ang isang proyekto na naglalarawan sa mga umiiral na kondisyon ng mga rekursong pang katubigan at pang kalupaan sa lugar na maapektuhan ng nasabing proyekto. Ang diin ay inilalagay sa mga aspeto na maaring mag-iba dahil sa proyekto kung kaya't ang mga impormasyong nakolekta sa mga aspetong iyon ay maaring gamitin sa bandang huli upang sukatin ang mga pagbabago at tasahin ang naging epekto ng nasabing proyekto.

#### **5.2.3. Nadamay na huli:**

Mga uri ng isda na kakaunti ang halaga o walang halaga sa pangangalakal ng buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF) na kung hindi itinatapon ay ginagamit lamang na pakain sa buhay na isdang bahura para gawing pagkain (LRFF).

#### **5.2.4. Mga bayolohikal na pagkakaiba:**

Ang marami at mga nagkakaibang mga organismo na nabubuhay mula sa iba't ibang pinangmulan kabilang ang mga panlupa, pandagat at iba pang mga pantubig na ekosistema, at ang mga masalimuot na bagay pang ekolohiya na kinabibilangan nila kabilang dito ang pagkakaiba sa loob ng isang uri/lahi (species), sa pagitan ng mga uri, at ng mga ekosistema gayun din ang pagkakakilanlan ng mga pagkakaiba; ang panukat sa mayamang pagkakaiba (diversity) (ang bilang ng uri/species sa isang sistema); at, gayun din ang kaayusan (ng mga pagkakaiba ayon sa dami sa lugar). Ang mga ito ay walang kinalaman sa pagpapalit ng uri, na maaring sumalamin sa bigat na dinadala ng ekosistema (katulad ng bunga ng matinding pangingisda). [FAO]

#### **5.2.5. Ciguatoxic:**

Mga isdang bahura na maaring magdala ng lasong ciguatoxin at maaaring maging sanhi ng pagkalason ng mga tao kung kakain ng mga isdang ito. Ang uri ng lasong ito ay maaring manggaling sa isang bahura at saganang makikita sa magkakaugnay na tanikalang pagkain na nasa malawak na mga bahura; at ito ay hindi kayang sirain sa pamamagitan ng pagluto o pagpalamig ng mga pagkaing kontaminado na nito.

#### **5.2.6. Konserbasyon:**

(a) Masusing paggamit at pangangasiwa ng kalikasan at likas yaman para sa kapakanan ng lipunan ng mga tao at para sa mga etikal na kadahilanan. [GBA]

(b) Ang pangangasiwa at paggamit ng tao sa larangan ng buhay (biosphere) upang ito ay magbunga ng sukdulang likas-kayang kagalingan para sa kasalukuyang henerasyon samantalang pinapanatili naman ang kakayahang matugunan ang pangangailangan at mithiin ng mga susunod na salinlahi. Kaya ang konserbasyon ay positibo, yumayakap sa pagpapanatili, pag-iingat, likas kaya na paggamit, pagpapanumbalik, at pagpapagaling ng natural na kapaligiran. (CBD)

#### **5.2.7. Bahurang Gasangan:**

Isang bahura, hibasanan o iba pang natural na kaanyuan na kung saan binubuo ng mga gasang ang ilang malaking bahagi ng balangkas ng gulugod nito.

#### **5.2.8. Ekosistemang bahurang gasangan:**

Ang magkakaugnay na ibat'ibang organismo kabilang ang mga iba pang walang buhay na bagay na iniuugnay sa gasangan kasama din ang mga panahanan na kinabibilangan ng mga

kinalalagan ng mga halaman dagat, buhanginang pantay, mga kabakawan at kapatagan ng mga algae na sa kalikasan ay umiiral bilang isang yunit.

#### **5.2.9. Itinalagang Sentrong Bagsakan:**

Isang lugar na sinang-ayunan ng mga mahalagang pambansa o pamprobinsyang maykapangyarihang pangregulasyon para sa pagkakarga at pagbababa ng mga buhay na isdang pambahura para gawing pagkain.

#### **5.2.10. Mapanirang pagkuha at gawaing pangingisda:**

Ang pagkuha at pangingisda ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain sa pamamagitan ng mga pamamaraang nakasisira ng kapaligiran at nakasasama sa mga panahanan ng isda at sa mga uring hindi naman talaga tinutumbok kabilang dito ngunit hindi naman limitado lamang dito ang paggamit ng mga lason, iba pang nakasasama ng sustansiya at mga paputok; paghukay sa mga bahura; at pisikal na pagsira sa iba pang mga hindi naman tinutumbok na organismo, lalo na ang gasang, mga *invertebrates* at mga isda.

#### **5.2.11. Maunlad:**

Ang proseso ng pagpapalawak ng pangisdaan o pagbabago sa takdang panahon na nagbubunga ng likas-kaya at parehas na pag-unlad para sa lahat o para sa karamihan na mga kasangkot na walang pangamba sa maaring maging epekto nito sa pangmatagalan sa kalusugan ng buong ekosistema.

#### **5.2.12. Ekosistema:**

(a) Ang masiglang kabuuan ng mga halaman, hayop, mga fungus at iba pang mga maliit na komunidad ng mga organismo at mga kaakibat nitong mga walang buhay na bagay na kaugnay sa pag-iral bilang isang yunit; at o

(b) Ang mga organismo na naninirahan sa isang kapaligiran tulad ng kagubatang tropikal, bahurang gasangan, o isang lawa, o ang pisikal na bahagi ng kapaligiran na sumasaklaw sa kanila. [Hiniram mula sa CBD at GBA]

#### **5.2.13. Integridad pang-ekosistema:**

Ang kakayahang suportahan at panatilihin na maybalanse, buo at mapag-angkop ang komunidad na maybuhay doon, na may mga uring umiiral, may pagkakaiba-iba ng uri ng buhay, at may gumaganang organisasyon na maihahalintulad sa isang natural na pinananahanan sa isang rehiyon.[FAO]

#### **5.2.14. Tagaluwas:**

Isang tagabenta ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain sa isang taga-angkat o kaya ay sa iba pang taga suplay [maging indibidwal, kompanya o iba pa mang grupong pangkalakal] na tumatangap ng kabayaran sa mga isdang ilalabas ng bansa o ng estado na pinagkunan patungo sa ibang bansa (halimbawa: iniluwas mula sa Pilipinas patungong Hongkong).

#### **5.2.15. Pangangasiwang Pangkapaligiran:**

Sistema ng pangangasiwa at pagkontrol sa kapaligiran at likas yaman sa pamamaraang nagsisiguro ng likas-kaya at pangmatagalang kaunlaran. [FAO]

#### **5.2.16. Salot ng isda:**

Mga organismo (halimbawa: mga bacteria, mga virus, mga parasito at mga pungus) na nagdudulot ng sakit sa mga isda.

#### **5.2.17. Mangingisda:**

Isang nyutral na pangalan para sa sinuman na kasama sa paghuli, pagkuha, o pag-ani ng isda at iba pang mga organismong pantubig.

#### **5.2.18. Pangingisda:**

(a) Ang kabuuan ng gawaing pangingisda sa isang rekurso. Maaari din ipakahulugan ang isang tipo ng pangingisda. Ang pangingisda ay maaring panarili o pangkalakal, pangkomersiyal o pangpagkain o kaya ay panlibang lamang at maaring ito ay ginagawang pantaunan o pangpanahon; at

(b) Ang gawaing paghuli ng mga pampagkaing buhay na isdang bahura mula sa isang uri na maaring tingnan na isang yunit para sa layuning panatilihin at mapangasiwaan; at nakikilala ito batay sa makahiyograpiko, makasiyentipiko, pangteknikal, panglibangan, panlipunan, o pang ekonomiyang katangian at o dili kaya'y sa mga pamamaraan ng paghuli.

#### **5.2.19. Pangangasiwang Pampangisdaan:**

Ang buong proseso ng pagkuha ng mga impormasyon, pagsusuri nito, pagpapalano, paggawa ng mga pasiya, paglalaan ng rekurso, paggawa at pagpapatupad ng mga regulasyong pampangisdaan na kung saan ang kinauukulang pampangisdaang maykapangyarihan ay may kontrol sa kasalukuyan at sa panghinaharap na pag-uugali ng mga partidong kabahagi sa pangisdaan upang masiguro na tuloy-tuloy ang pagiging produktibo o pakikinabang sa pangisdaan at ang kagalingan ng mga buhay na rekursong pandagat. [FAO]

#### **5.2.20. Balangkas ng pangangasiwang pampangisdaan:**

Ang panlipunan, pangpulitika, panglegal at pang institusyunal na mga proseso na kung saan ang pagpapalano para sa pangangasiwa ng pangisdaan ay isinasagawa. Ang balangkas ng pangangasiwang pampangisdaan ay tumutukoy sa mga kinakailangang impormasyon at nagtatakda ng pang matagalang tunguhin at layunin para sa pag-iingat at pagpapanatili ng likas kayang paggamit ng mga rekursong pampangisdaan na binabalangkas sa plano ng pangangasiwa ng pangisdaan.

#### **5.2.21. Mapag-angkop na pangangasiwa:**

Isang balangkas pangangasiwa o gamit pampatakaran na mapag-angkop upang bigyang pagkakataon ang napapanahong pagtugon sa mga pangrekurso, pang industriya, at iba pang pambansa, pang rehiyon at panglokal na pangangailangan at batay sa mga impormasyong nakalap mula sa tuloy-tuloy na pagsubaybay, ay makagawa ng tamang hakbang upang

harapin ang mga hamon sa kabuuan ng ekosistema upang kahit paano ay makamit ang mga tunguhin at layunin ng mga dito ay umaasa.

**5.2.22. Mga punlay at mga semilya:**

Di-espesipikong terminolohiya na nangangahulugan ng mga semilya ng isda sa batang yugto ng buhay ng mga ito.

**5.2.23. Panahanan:**

Ang lugar o uri ng lugar na kung saan nabubuhay o natural na umiiral ang mga organismo at mga isda.

**5.2.24. Halaw sa papisaan:**

Mga isdang pinalaki hango sa mga semilyang bunga ng matindi, di-gaanong matindi o pang malawakang pangangalaga ng mga isdang pinaiitlog sa isang pasilidad na alagaan o pinaglilinaan ng isda.

**5.2.25. Ani:**

Ang paghuli, pagdakip, o pagkolekta ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain mula sa kanilang likas na kapaligiran para ikalakal.

**5.2.26. Kalusugan:**

Ang kalagayan ng kapaligirang pandagat na tinitingnan kaugnay ng epekto ng mga gawain ng tao partikular na ang pagkasira ng panahanan ng isda, pagbabago ng antas ng pagbabanlik (sedimentation), at pagkilos na mga nakakasama dito. Ang kalagayang ito ay tumutukoy sa kasalukuyang kalagayan ng karagatan, mga umiiral na kalakaran at nakikitang maaring kahinatnan para sa pag-angat o pagbaba ng kalidad nito. [\[FAO\]](#)

**5.2.27. Pispis o mga batang isda:**

Isang batang isda o hayop pangkaragatan na hindi pa umaabot sa karampatang gulang upang makapagparami.

**5.2.28. Taga-angkat:**

Isang namimili ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain mula sa tagaluwas o iba pang nagsusuplay (maging ito ay indibidwal, kompanya, o kaya iba pang grupong pangkalakal) na nagbabayad upang madala ang mga nabanggit na isda sa ibang bansa o estado (Halimbawa: Inangkat mula sa Pilipinas patungong Hongkong).

**5.2.29. Takdang limitasyon:**

Kalagayang pampangisdaan at o pang rekurso na hindi kaaya-aya at maaring tumukoy sa pinakamababang (minimum) kalagayan [halimbawa: mababang huli kada tugpa] o pinakamataas na kalagayan [halimbawa: pinakamahabang araw ng pamamalakaya] na anupa't kailangang kumilos ang pangasiwaan upang maiwasan ito.

**5.2.30. Pagsubaybay, pagkontrol at pagtugaygay:**

(a) tuloy-tuloy na pagtugaygay upang maseguro ang antas ng pagsunod sa mga itinakdang patakaran o sukatin ang paglihis sa mga inaasahang pamantayan. [CBD at GBA]; at

(b) Ang paglikom ng mga impormasyon na naglalayong tasahin ang pag-unlad at tagumpay ng plano ng paggamit ng isang lugar. Ang pagsubaybay ay ginagamit sa pagtatasa kung paano isinasagawa ang isang plano ng pangangasiwa o diskarte ng pagpapatupad upang baguhin ito o makakuha ng sapat na karanasan para sa susunod na mga pagpapalano [ibinatay sa FAO].

#### **5.2.31. Ganap na kalusugan o kasagaran ng kalagayan:**

Kalagayan ng ganap na kagalingan at hindi ng kawalan lamang ng karamdaman o sakit.

#### **5.2.32. Pamamaraang maingat:**

Isang lupon ng mga pinagkasunduang mga sukatan at mga pagkilos kabilang na ang mga kilos na panghinaharap na sesiguro sa masusing na pagtanaw sa maaring dumating na makapagpapaliit o makapagpapaiwas sa mga maaring maging panganib sa mga rekurso, sa kapaligiran, at sa mga tao sa abot ng makakaya samantalang isinasa alang-alang naman ang mga kawalang katiyakan at anumang maaring kahinatnan kung sakali't magkaroon ng pagkakamali [FAO].

#### **5.2.33. Palagiang pagtatasa ng rekurso:**

Palagiang pagtatasa na isinasagawa upang ilarawan ang kalagayan ng mga rekurso at kanilang mga panahanan at; upang matukoy kung mayroong epekto ang pag-ani at gaano kalawak ito sa mga tinutumbok na uri ng isda (species) at mga kaugnay nilang ekosistema.

#### **5. 2.34. Pagtatasa ng ambang panganib:**

Pagkakarooon ng masusing programang pagtatasa na hangga't maari ay nagsasa alang-alang sa mga umiiral na kawalang katiyakan at maaring maging kahinatnan kung magkamali upang maiwasan ang panganib ng masamang bunga sa rekurso, sa kalikasan at sa mga tao. [Batay sa FAO]

#### **5.2.35. Kumpulang pangingitlog:**

Grupo ng mga nagkakaparehong isda na tinitipon upang paitlugin, na may kapal at daming higit na mataas (3 bahagdan ng dami) kaysa doon sa lugar na kung saan sila ay kinakikitaan ng pagsasama-sama sa panahong hindi pa sila maaring mangitlog.

#### **5.2.36. Uri /Species:**

(a) Grupo ng mga organismo na sa kanilang sarili ay may kakayahan na malayang magparami ngunit hindi maari sa mga hindi nila ka-uri [CBD]; at

(b) isang grupo ng mga hayop o halaman na may magkakaparehong katangian, nakapagpaparaming sama-sama upang makapagluwal ng malusog na anak na may kakayahan ding magpasibol ng supling at magpanatili ng kanilang pagiging kakaiba sa iba pang mga grupo. [FAO]

#### **5.2.37. Kaambag:**

isang indibidwal o grupo ng mga tao na may interes o pag-angkin at maaring maapektuhan o may epekto sa isang gawain maging ito ay sa pangpersonal o pang institusyong antas. Ang interes na ito o pag-angkin na ito ay maaring ipahayag o ipinapalagay lamang, tahasan o di-tahasan, ang mga kaambag o grupong kasangkot ay maaring nasa sambahayan, nasa komunidad, nasa antas na panglokal, pang rehiyon, pambansa o pandaigdigang. [Batay sa FAO]

**5.2.38. Tagasuplay:**

Ang nagdadala o nagbibigay ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain saan mang antas sa tanikala ng bentahan o kalakalan nito.

**5.2.39. Likas-kayang paggamit:**

Ang paggamit ng mga bahagi ng iba't-ibang kabuhayan sa paraan at bilis na hindi hahantong sa pangmatagalang kalugihan sa mayaman at ibat'ibang uri ng ikinabubuhay anupa't napananatili ang mga bahaging makatutugon sa mga pangangailangan at mga pangarap ng kasalukuyan at ng susunod na salinlahi. [CBD]

**5.2.40. Puntong nilalayon:**

Ang kalagayan ng pangisdaan at o rekurso na kinikilalang kanais-nais, na kung saan ang pangangasiwa maging sa pang panimulang antas o sa antas na ng pagpaparami ay dapat dito lagi nakatutok ang pansin. [Batay sa FAO]

**5.2.41. Target na species o tinutumbok na uri:**

Ang uri o lahi ng mga buhay na isdang bahura para gawing pagkain na paboritong ikakalakal at siyang laging tinutumbok hulihin ng mga mangingisda.

**5.2.42. Mga uring pinangangambahang maubos o nanganganib mapulawi:**

Mga uri ng organismo na nasa peligro o nanganganib mapulawi at hindi magtatagal ang pag-iral kung ang mga sanhi ng panganib ay magpapatuloy. Kabilang dito ang mga lahi ng isda na sobrang bilis ng pagbaba ng bilang at sadyang malapit nang maglaho. Kasama rin sa tala ang mga uri na maaring talagang naubos na sa kadahilanang hindi na sila nakikitang nakaligaw sa ilang sa loob ng mga 50 taon na lumipas.

**5.2.43. Kakayahang matukoy ang pinagmulan:**

Ang kakayahang tuntunin ang kasaysayan, aplikasyon o pinagmulan ng mga produktong pampangisdaan sa pamamagitan ng mga nakatalang pagkakakilanlan. [Batay sa ISO]

**5.2.44. Paglilipat kalakal:**

Ang pagpalipat-lipat kamay ng mga kargamento katulad ng buhay na isdang bahura para gawing pagkain sa mga kamay ng mga tagasuplay lalo't higit ang pagsasalin mula sa mga mamimili at mga tagaluwas, sa mga tagaluwas at mga taga-angkat.

**5.2. 45. Puntong pantulak:**

Ito ang mga naunang pinagkasunduang puntong panukat na nagpapahiwatig na naabot na ang isang kalagayang pampangisdaan na nangangahulugang kailangang maisagawa ang kaukulang aksiyon bilang tugon at kalimita'y may kinalaman ito sa muling pagtanaw sa mismong gawaing pangingisda.

**5.2.46. Pagtatasa upang malaman kung maaring mangyari:**

Mga gawaing kinakailangan upang matasa kung maaring magtayo ng pangisdaan na makapagpapanatili ng sapat na bilang ng populasyon ng isda at ng kakayahan nitong magparami upang masiguro ang likas-kayang pag-iral sa pagtagal ng panahon sa kabila ng normal na kalakaran na pababago-bagong antas ng dami ng mga isda.

## 6. Talaaklatan:

Ang mga konseptong napapaloob sa mga sumusunod na pamantayan at lathalain ay naisa alang-alang sa pagbuo ng dokumentong ito.

APEC/SEAFDEC.2001. Husbandry and health management of grouper. APEC, Singapore and SEAFDEC, Iloilo, Philippines.94 p.

APEC/AAHRI/FHS-AFS/NACA. 2001 Report and proceeding of APEC FWG 02/2000 “Development of a Regional Research Programme on GrouperVirus Transmission and Vaccine Development”.In: Bondad-Reantaso, MG., J.Humprey, S. Kenchanakhan and S.Chinabut (eds). Report of a Workshop held in Bangkok, Thailand, 18-20 October 2000. Asia Pacific Economic Cooperation (APEC), Fish Health Section of the Asian Fisheries Society (FHS/AFS), Aquatic Animal Health Research Institute (AAHRI), and Network of Aquaculture Centres in Asia Pacific (NACA), Bangkok, Thailand.pp. 146.  
<http://203.101.155.228/NACA-Publications/ResearchProgramOnGrouperVirus.pdf>

Asia Regional Technical Guidelines on Health Management for the Responsible Movement for Live Aquatic Animals and the Biejing Consensus and Implementation Strategy”. FAO/NACA, 2000. FAO Fisheries Technical Paper No. 402.Rome, FAO 2000, 53 p.  
<http://203.101.155.228/NACA-Publications/AsiaREgionaltechnicalGuidelines.pdf>

Canadaian Code of Conduct for Responsible Fishing Operations  
[http://www.dfo-mpo.gc.ca/communic/fish\\_man/code/cccrfo-cccpr\\_e.htm](http://www.dfo-mpo.gc.ca/communic/fish_man/code/cccrfo-cccpr_e.htm)

Food and Agriculture Organization of the United Nations. Code of Conduct for Responsible Fisheries.  
<http://www.fao.org/fi/agreem/codecond/ficonde.asp>

Food and Agriculture Organization of the United Nations. FAO Fisheries Technical Paper No.347  
Reference Points for Fisheries Management.

Food and Agriculture Organization of the United Nations, FAO Technical Guidelines for Responsible Fisheries Aquaculture Development-5. <http://www.fao.org/DOCREP/003/W4493E/W4493E00.HTM>

Food and Agriculture Organization of the United Nations, FAO Technical Guidelines for Responsible Fisheries Series.

Food and Agriculture Organization of the United Nations, Fisheries Glossary.  
<http://www.fao.org/fi/glossary.asp>.

Forest Stewardship Council Requirements and Criteria for Sustainable Forestry.

GESAMP 1997. Towards safe and effective use of chemicals in coastal aquaculture. Proceedings of the Working Group on Environmental Impacts of Coastal Aquaculture of GESAMP (IMO/FAO/UNESCO-IOC/WMO/WHO/IAEA/UN/UNEP Joint Group of Experts on the scientific Aspects of Marine Environment Protection, SEAFDEC,AQD,Tigbauan, Iloilo, 24-28 May 1996. Reports and Studies No. 65.

Hunprey J, Arthur Jr, Subasinghe RP, Phillips MJ. 1997. Aquatic animal quarantine and health Certification in Asia. Proceedings of the Regional Workshop on Health and Quarantine Guidelines For the ResponsibleMovement (Intgroduction and Transfer) of Aquatic Organisms: Bangkok, Thailand,

28 January 1996. FAO Fisheries Technical Paper. No. 373. Rome. FAO. 153 p.

The Institute of Economic Affairs-Green Goods? (Consumers, Organisms Labels and the Environment).

ISO GUIDE 61: General requirements for assessment and accreditation of certification/registration bodies

ISO 9000:2000, Quality Management systems

ISO 14001: 1996 Environmental Management systems-Specification with guidance for use

Marine Aquarium Council. 2001. International Performance Standards for Marine Aquarium Trade.

Marine Stewardship Council. Principles and Criteria for Sustainable Fishing.

Muldoon, G.J. 2002. The Live Reef Food Fishery on Australia's Great Barrier Reef. Case Study and Implications for Development of a Voluntary Code of Conduct of Best Practices for the Live Reef Food Fish Trade in the Asia-Pacific Region. International Marinelife Alliance (IMA). 60 p

Organization for Economic Co-operation and Development. Towards Sustainable Fisheries (Economic Aspects of the Management of Living Marine Resources).

Southeast Asian Fisheries Development Center. 1999. Responsible Fishing Operations. Regional Guidelines for Responsible Fisheries in Southeast Asia. SEAFDEC Training Department, Bangkok Thailand. 71 p.

Southeast Asian Fisheries Development Center. 1997. Regional Workshop on Responsible Fishing. Proceedings of the Regional Workshop on Responsible Fishing. Training Department, SEAFDEC, Samut Prakam, Thailand. TD/RP/41; October 1997. 450p.

Southeast Asian Fisheries Development Center. 2001. Responsible Aquaculture. Regional Guidelines For Responsible Fisheries in Southeast Asia, SEAFDEC Aquaculture Department, Iloilo, Philippines, 43 p.

---

Katapusan ng dokumento

---